# Paghahanda para sa Re-infection Crisis (Buod)

Abril 22, 2022

Ang bilang ng mga covid positive na tao ay nagsisimulang tumaas nanaman. Masasabi na nasa yugto tayo ng pagpasok sa “7th Wave” dahil sa panganib ng pag-spread ng infection. Dahil dito, nag-aalala na:

- ○ Humina ang pag-iingat ng mga tao kasunod sa kanselasyon ng “Priority Measures para sa Pag-iwas sa pagkalat ng Infection”
- ○ Palapit na ang Golden Week, ang panahon noong nakaraang dalawang taon kung kailan sumabog ang infections.

Hinihiling na higpitan ninyo ang inyong basic infection preventive measures para sa kapakanan ng inyong mga kapamilya, kaibigan, minamahal at ibang tao.

- Parating gumamit ng mask sa mga kainan (tahimik na kumain at gumamit ng mask kung magsasalita)
- Bago mag-travel, i-check ang sarili gamit ang mga free test kits na makukuha sa mga pharmacy atbp. Lubusang gawin ang “basic infection control measures” sa inyong pagliliwaliw, tuwing biyahe at sa inyong pupuntahan.
- Pigilan ang sariling pumasok o piliing mag-absent kung may fever, masakit ang lalamunan, o kung medjo masama ang pakiramdam.